# Vaccine Clinic @ SEA

SEA Seattle-Tacoma International Airport

## Mga Madalas Itanong Tungkol sa Klinika sa Pagpapabakuna

**Sino ang kwalipikado?**
Pinalawak ni Gobernador Jay Inslee ang listahan ng mga indibidwal na kwalipikadong makatanggap ng bakuna sa COVID-19 bilang bahagi ng Yugto 1B, Tier 2. Kasama na rito ang mga kritikal na manggagawang nagtatrabaho sa mga lugar na matao (binubuo ng mga grupo), kabilang na ang pampublikong transportasyon tulad ng mga paliparan, at walang kakayahang magtrabaho nang malayuan. Ang mga empleyado ng paliparan na may badge na nagtatrabaho kasama ang maraming katrabaho o ang pangkalahatang publiko nang pangmatagalan, gaya ng higit pa sa tatlong oras, ay kwalipikado na ngayong tumanggap ng bakuna.

Umaasa kaming mababakunahan ang maraming empleyadong may badge o crew ng airline na may badge na nagtatrabaho sa SEA hangga't maaari. Hindi bukas ang klinikang ito para sa publiko o sa mga nagtatrabaho nang malayuan (remote work) o sa tanggapang maaari tayong magtrabaho nang may pisikal na distansiya.

Pinaghihiwa-hiwalay namin ang mga appointment para unahin ang mga frontline at esensiyal na manggagawa, na ang ating mga grupong pinakananganganib na malantad sa sakit. Makikipag-ugnayan sa iyo ang iyong employer kung kwalipikado kang gumawa ng appointment sa klinika ng bakuna ng paliparan.

Kung kwalipikado kang tumanggap ng bakuna, hindi mo kailangang maghintay ng appointment sa klinika ng paliparan. Maaaring mag-iskedyul ng mga appointment para sa bakuna ang mga kwalipikadong manggagawa sa anumang kwalipikadong pasilidad. Matuto pa rito.

**Ano ang kailangan kong dalhin?**
Kailangang magsuot ng face mask na tinatakpan ang ilong at bibig. Mangyaring dalhin ang iyong badge sa paliparan at card sa insurance. Sa pag-iskedyul ng iyong appointment, makakatanggap ka ng survey para sa kalusugan at pahintulot. Mangyaring dalhin ang nakumpletong hard copy ng mga form na iyon sa iyong appointment. Magsuot ng damit na may maiiksing manggas o manggas na madaling itupi o itaas.

**Nasaan ang klinika ng bakuna?**
Ang may appointment lamang ang tatanggapin ng klinika sa pagpapabakuna sa Conference Center @ SEA. Mabilis at madaling mapupuntahan ang Conference Center sa loob ng paliparan sa lebel ng mezzanine, sa itaas ng TSA Checkpoint 1 sa dulong timog ng paliparan malapit sa mga international na airline. Tingnan ang mga senyales na tinuturo ang daan, o gamitin ang interactive na map o i-download ang FlySEA App para sa tulong sa paghahanap ng daan.

**Gaano katagal ang aabutin nito?**
Mangyaring dumating nang limang minutong mas maaga sa iyong iskedyul ng appointment. Magtatagal nang 30-45 minuto ang iyong pagpapabakuna, kasama na ang pag-check in, pagpapabakuna, at 15-30 minuto ng pag-monitor.

**Anong bakuna ito?**
Gagawin ang pagkuha, pag-imbak at pangangasiwa ng bakuna sa pamamagitan ng Albertsons/Safeway. Depende sa natanggap na pamamahagi, maaaring Pfizer, Moderna, o Johnson & Johnson ang mga bakuna. Layunin naming makapagbigay ng hanggang 2,000 dosis kada linggo depende sa kung ilang bakuna ang maaaring magamit.

**Libre ba ito? Kailangan ba ng insurance para dito?**
Libre ang mga pagpapabakuna sa COVID-19. Hindi ka sisingilin. Hindi mo kailangang magkaroon ng insurance para makapagpaiskedyul ng pagpapabakuna. Kung may insurance ka, mangyaring ibigay ang impormasyong ito at maaaring magkaroon ang botika ng pagkakataon para sa pag-reimburse sa hinaharap para sa pagbibigay ng bakuna.

**Anong mga oras ng appointment ang available?**
Mayroong mga appointment tuwing Miyerkules, Huwebes, Biyernes at Sabado bawat linggo simula sa Marso 17, 2021. May kakayahang umangkop para sa mga crew na nagtatrabaho sa gabi at katapusan ng linggo (weekend). Bukas ang klinika sa pagpapabakuna tuwing Miyerkules at Huwebes mula 7 a.m. hanggang 3 p.m. at tuwing Biyernes at Sabado mula 8 a.m. Hanggang 4 p.m.

**Mayroon bang tulong para sa pagsasalin sa aking wika sa aking appointment?**
Oo, mayroon kaming virtual na serbisyo sa pagsasalin ng wika para sa higit sa 200 wika. Maaari mo itong hilingin pagdating mo sa iyong appointment. Nagbibigay din ang King County ng mga mapagkukunan sa COVID-19 sa iba't ibang wika at makukuha ang mga ito rito.

**Ano ang dapat kong asahan matapos makakuha ng bakuna sa COVID-19?**
Isinasaad ng CDC na, "makakatulong ang pagpapabakuna sa COVID-19 sa pagprotekta sa iyo laban sa pagkakaroon ng COVID-19. Maaari kang makaranas ng ilang side effect, na mga normal na palatandaan na bumubuo ng proteksyon ang iyong katawan. Maaaring makaapekto ang mga side effect na ito sa iyong kakayahang gumawa ng mga pang-araw-araw na gawain, pero dapat mawala ang mga ito sa loob ng ilang araw. Maaaring hindi makaranas ng mga side effect ang ilang tao." Basahin ang mga patnubay ng CDC tungkol sa kung ano ang dapat asahan.

**Maaari ko bang gamitin ang Emergency Leave Para sa Pampublikong Kalusugan (Public Health Emergency Leave, PHEL) kung makararanas ako ng masamang reaksyon sa bakuna?**
Kung isa kang empleyado ng Port of Seattle, hindi. Maaari mong gamitin ang iyong leave para sa sakit o sick time kung kinakailangan mong hindi pumasok sa trabaho. Kung hindi ka empleyado ng Port of Seattle, mangyaring kumpirmahin ito sa iyong employer.

**Paano ako makakatulong pagkatapos kong makatanggap ng bakuna sa COVID-19?**
Kailangan nating suportahan ang klinika sa pagpapabakuna sa pamamagitan ng 12-15 hindi pangmedikal na tauhan sa bawat shift. Kailangan ng mga boluntaryo sa susunod na walong linggo para masuportahan ang pagsisikap ng grupo sa pagbabakuna ng komunidad ng ating paliparan. 4 - 5 oras ang mga shift ng boluntaryo (may kasamang break) sa loob ng Conference Center @ SEA. Kabilang sa mga tungkulin ang: pag-check in sa mga tao/pag-iskedyul sa pamamagitan ng iPad, pag-fill out ng mga card sa pagpapabakuna, paglilinis ng mga lugar ng trabaho sa tuwing matatapos ang isang pasyente, pagkontrol sa linya, at pagtuturo ng daan. Magbibigay ng on-site na pagsasanay. Walang kaugnayan ang pagboboluntaryo sa isang shift sa pagtanggap ng bakuna.

Maging bahagi ng mahalagang pagsisikap na ito! Magrehistro dito!

# Vaccine Clinic @ SEA

SEA Seattle-Tacoma International Airport

Your employer will contact you when you are eligible to make an appointment at the airport's vaccine clinic.

**Find more information online at**
**www.portseattle.org/VaccineClinic**

SEA
Seattle-Tacoma
International
Airport